Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MAYO 17,2019 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG.19-05-063

## PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAGYAO NI G. NACHOR SAPUNGAN CABAGAY, RETIRADONG PAMBAYANG INGAT-YAMAN NG BAYAN NG BULALACAO

**"SAPAGKAT,** kasabay ng paghahanda ng maraming tao sa pambansang halalan noong araw ng Lunes, Mayo 13, 2019, isang malungkot na balita ang yumanig sa buong Bayan ng Bulalacao dahil ang retiradong Pambayang Ingat-Yaman na si G. Nachor Sapungan Cabagay ay pumanaw na dahil sa sakit at sa edad na animnapu't siyam (69) na taong gulang;

**"SAPAGKAT,** si G. Nachor Cabagay ay pumasok sa serbisyo publiko noong taong 1972 bilang Bookkeeper sa Pamahalaang Bayan ng Bulalacao hanggang siya ay nahirang na Assistant Municipal Treasurer; noong taong 1986 siya ay nalipat sa Bayan ng San Teodoro bilang Municipal Treasurer hanggang taong 1995 at noong Hulyo 11,1995 siya ay bumalik sa kanyang bayang sinilangan sa parehong posisyon hanggang siya ay tuluyang magretiro noong Disyembre 5, 2014;

**"SAPAGKAT,** dala ng kanyang dedikasyon at katapatan sa trabaho na may kabuuang 42 taon, tila hindi na naisipan mag-asawa ni Treas. Nachor at ibinuhos na lamang ang kanyang sarili at buong panahon sa paglilingkod sa bayan at mamamayan hanggang sa siya ay nagretiro apat na taon na ang nakaraan;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** sa kanyang pagganap sa kanyang tungkulin iba't ibang hamon at pagsubok sa kanyang katapatan at kakayahan ang dumating subalit, nanatili siyang matatag sa lahat ng oras anupaman ang dahilan, ang mahalaga ay mapangalagaan ang tiwalang ipinagkaloob sa kanya ng batas at ng taong bayan;

**"SAPAGKAT,** bilang anak at kapatid, si Kuya Nak na siyang karaniwang itinatawag sa kanya ng kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan ay istrikto ngunit mabait, matulungin at mapagmahal kaya, tuloy-tuloy at buo ang kanyang suporta sa kanyang pamilya sa abot ng kanyang makakaya;

**"SAPAGKAT,** malungkot ang pagyao ng isang mahal sa buhay ngunit, ito ay kaligayahan na rin at tagumpay ang isiping siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Diyos na Siyang Maylikha ng lahat;

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa mga naulila ni G. Nachor Sapungan Cabagay, retiradong Pambayang Ingat-Yaman ng Bayan ng Bulalacao;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan nina SB Member Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY"**: Mayo 17,2019, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------x

| | |
|---|---|
| **KGG. DEXTER R. GONZALES**<br>SB Member | **KGG. DENNES M. FANER**<br>SB Member |
| **KGG. GERMAN S. ACOSTA**<br>SB Member | **KGG. EDWIN C. ACERON**<br>SB Member |
| **KGG. TERESITA S. BANTUGAN**<br>SB Member | **KGG. ENRICO C. VILLAS**<br>Pangulo, Liga ng mga Barangay |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Mayo 17, 2019

Scanned with CamScanner